Mensahe Dalawa

## Si Kristo bilang Isa na may mga Gawang may Pamumuno ng Langit, Ating Pastol, Ating Kapahingahan, at ang Manghahasik

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 9:20-22, 36; 11:28-30; 13:3, 18-23

**I. Si Kristo ay inihayag bilang Isa na may mga gawang may pamumuno ng langit—ang laylayan ng Kanyang damit—Mat. 9:20-22:**

A. Ang damit ni Kristo ay sumasagisag sa Kanyang matutuwid na gawa, at ang laylayan ay sumasagisag sa makalangit na pamumuno: "Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila na sila'y gumawa ng mga tirintas sa mga laylayan ng kanilang mga damit sa buong panahon ng kanilang mga lahi, at kanilang patungan ang tirintas ng bawat laylayan ng isang panaling bughaw. At sa inyo'y magiging isang tirintas, upang inyong mamasdan, at inyong maalaala ang lahat ng utos ni (Jehovah), at inyong tuparin…at maging banal kayo sa inyong Diyos."—Bil. 15:38-40:

1. Ang panali ay sumasagisag sa pagbibigkis, at ang bughaw ay sumasagisag sa pagiging makalangit.
2. Kaya, isinasagisag ng bughaw na panali na, bilang mga anak ng Diyos, ang ating asal at paggawi ay dapat marilag at dapat nasa ilalim ng pamumuno, pamamahala, at pagbibigkis ng makalangit na kapamahalaan, limitasyon, at regulasyon.

B. Ang mga damit ay sumasagisag sa kagalingan sa pantaong gawi; ang mga damit ng Panginoon ay sumasagisag sa Kanyang sakdal na paggawi sa Kanyang pagkatao, ang Kanyang kasakdalan sa pantaong kagalingan.

C. Sa pantaong kagalingan ng Panginoong Hesus, ay may nagpapagaling na kapangyarihan; kaya, nang hipuin ng babaeng may sakit ang laylayan ng Kanyang damit, ang kapangyarihan ng Kanyang kagalingan ay lumabas tungo sa kanya, at siya ay napagaling.

D. Mula sa mga gawang may pamumuno ng langit ni Kristo ay lumalabas ang kagalingan na nagiging nagpapagaling na kapangyarihan—Mat. 14:36.

E. Ang hipuin ang damit ng Panginoon sa katunayan ay ang hipuin Siya sa Kanyang pagkatao, kung saan naisakatawan ang Diyos (Col. 2:9); sa pamamagitan ng gayong paghipo, ang Kanyang dibinong kapangyarihan ay naisalin, sa pamamagitan ng kasakdalan ng Kanyang pagkatao, tungo sa isa na humipo sa Kanya, at ito ay naging kanyang pagpapagaling. (Luc. 8:45-48; Heb. 12:2a).

F. Ang Diyos na naninirahan sa di-nalalapitang liwanag ay naging nahihipo sa Alipin-Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang pagkatao para sa kanyang kaligtasan at katamasahan.

G. Ang mga taong naniniksik ay walang natanggap mula sa Alipin-Tagapagligtas, subalit ang isa na humipo sa Kanya ay nakatanggap (tingnan ang *Mga Himno,* #559, saknong 2 at koro).

**II. Ang Panginoong Hesus ay ang ating Pastol, at tayo ang Kanyang tupa—Mat. 9:36; Isa. 40:11; 53:6; Ezek. 34:1-5, 11-15:**

A. Pinapastol Niya tayo sa paunang yugto ng pagtatamasa kay Kristo bilang luntiang pastulan at sa Espiritu bilang mga tubig ng kapahingahan—Awit 23:1-2; 1 Tim. 1:4; Fil. 1:19b; Juan 21:15; 1 Tes. 2:7; 1 Cor. 12:13b.

B. Pinapastol Niya tayo sa ikalawang yugto ng pagpapanauli at transpormasyon sa mga daan ng katuwiran—Awit 23:3; Roma 12:2; Juan 7:38; Roma 8:4.

C. Pinapastol Niya tayo sa ikatlong yugto ng karanasan sa presensiya ng nabuhay na muling malahanging Kristo habang lumalakad sa gitna ng lambak ng anino ng kamatayan—Awit 23:4; 2 Tim. 4:22; 2 Cor. 12:7-10.

D. Pinapastol Niya tayo sa ikaapat na yugto nang mas malamim at mas mataas na pagtatamasa sa nabuhay na muling Kristo—Awit 23:5:
   1. Ang Panginoon ay naghahanda ng hapag sa harapan natin sa presensiya ng ating mga kaaway—b. 5a; cf. 2 Sam. 4:4; 9:7, 13; Gen. 14:18-20; Neh. 4:17.
   2. Ang Panginoon ay nagpapahid ng langis sa ating mga ulo, at ang ating mga saro ay umaapaw—Awit 23:5b; Heb. 1:9; 1 Cor. 10:16a, 21.
   3. Sa Awit 23:5 ay mayroon tayong Tres-unong Diyos—ang Anak bilang piging, ang Espiritu bilang pamahid na langis, at ang Ama bilang pinagmumulan ng biyaya.

E. Pinapastol Niya tayo sa ikalimang yugto ng panghabambuhay na pagtatamasa sa dibinong kabutihan at mapagmahal na kabaitan sa bahay ni Jehovah—b. 6:
   1. Sa ilalim ng organikong pagpapastol ng malahanging Kristo, ang kabutihan at kagandang-loob ay susunod sa atin sa lahat ng araw ng ating buhay, at tayo ay maninirahan sa bahay ni Jehovah magpakailanman—b. 6:
      a. Ang *kabutihan* ay tumutukoy sa biyaya ni Kristo, ang *mapagmahal na kabaitan* ay tumutukoy sa pag-ibig ng Ama, at ang *susunod* ay nagpapahiwatig ng salamuha ng Espiritu; kaya, ang biyaya ng Anak, ang pag-ibig ng Ama, at ang salamuha ng Espiritu ay sumasaatin—2 Cor. 13:14.
      b. Ang pagtatamasa sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ay naghahatid sa atin sa loob ng pagtatamasa sa Diyos sa bahay ng Diyos (si Kristo, ang ekklesia, ang ating espiritu, at ang Bagong Herusalem)—Juan 1:14; 2:21; 1 Tim. 3:15-16; Efe. 2:22; Apoc. 21:2-3, 22) kung saan tayo ay maninirahan magpakailanman (sa kasalukuyang kapanahunan, sa darating na kapanahunan, at sa magpasawalang-hanggan).
   2. Kailangan nating magsikap na manirahan sa bahay ng Diyos sa lahat ng araw ng ating buhay—Awit 27:4-8:
      a. Upang mamasdan ang kagandahan ng Diyos (pagiging kaibig-ibig, pagiging kaaya-aya, pagiging kasiya-siya) ng Diyos—bb. 4a, 8; 2 Cor. 3:18.
      b. Upang magtanong sa Diyos, humihingi ng gabay sa Kanya tungkol sa lahat ng bagay sa ating pang-araw-araw na buhay—Awit 27:4b; cf. Jos. 9:14.
      c. Upang maikubli ang ating sarili sa silong ng Diyos at itago ang ating sarili sa kublihan ng tolda ng Diyos—Awit 27:5a; 31:20.
      d. Upang maibangon tayo at maitaas ng Diyos ang ating ulo—27:5b-6a.
      e. Upang maghandog ng mga hain ng mga sigaw ng kagalakan na may pag-awit at pagsalmo sa Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos—b. 6b; Heb. 13:15; Fil. 2:11.

**III. Ang Panginoong Hesus ang ating kapahingahan—Mat. 11:28-30:**

A. "Pumarito sa Akin ang lahat na mga nagpapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan"—b. 28:
   1. Ang pagpapagal na binanggit dito ay tumutukoy hindi lamang sa pagpapagal ng pagsisikap na tuparin ang mga utos ng kautusan at mga panrelihiyong regulasyon bagkus gayundin sa pagpapagal ng pagpupunyaging maging matagumpay sa anumang gawain; sinuman ang nagpapagal nang gayon ay palaging lubhang nabibigatan.
   2. Ang kapahingahan ay tumutukoy hindi lamang sa pagiging napalaya mula sa pagpapagal at pasanin sa ilalim ng kautusan o relihiyon o sa ilalim ng anumang gawain o responsabilidad, bagkus sa sakdal na kapayapaan at lubos na kasiyahan din.

B. "Pasanin ninyo ang Aking pamatok at matuto kayo sa Akin, sapagkat Ako ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at makasusumpong kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang Aking pamatok ay madali at ang Aking pasanin ay magaan"—bb. 29-30:
   1. Ang pasanin ang pamatok ng Panginoon ay ang kunin ang kalooban ng Ama; hindi ito ang maregulahan o makontrol ng anumang gawain, kundi ang mapilit ng kalooban ng Ama.

2. Ipinamuhay ng Panginoon ang gayong buhay, walang ibang pinahahalagahan kundi ang kalooban ng Ama (Juan 4:34; 5:30; 6:38). Ipinasailalim Niya nang lubusan ang Kanyang sarili sa kalooban ng Ama (Mat. 26:39, 42); kaya, hinihiling Niya sa ating matuto sa Kanya.
3. Ang matuto sa Kanya ay hindi ang gayahin Siya sa panlabas kundi ang kopyahin ang Panginoon sa ating mga espiritu sa pamamagitan ng pagkuha sa Kanyang pamatok—ang kalooban ng Diyos; kailangang maging ating pamatok ang kalooban ng Diyos, at kailangan nating ilagay ang ating leeg sa pamatok na ito upang maging Kanyang duplikasyon—1 Ped. 2:21.
4. Ang kapahingahan na ating nasusumpungan sa pagpasan sa pamatok ng Panginoon at pagkatuto sa Kanya ay para sa ating mga kaluluwa; ito ay isang panloob na kapahingahan at hindi anumang bagay lamang na panlabas sa kalikasan.
5. Ang pamatok ng Panginoon ay ang kalooban ng Ama, at ang Kanyang kabigatan ay ang gawain ng pagsasagawa ng kalooban ng Ama; ang gayong pamatok ay madali (mabuti, mabait, maamo, banayad, kaaya-aya—kabaligtaran ng matigas, malupit, matalas, mapait), at ang gayong kabigatan ay magaan, hindi mabigat.

**IV. Ang Manghahasik ay ang kahanga-hangang persona ng Panginoong Hesus, at ang binhing ipinunla ay ang Panginoon din Mismo bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos—Mat. 13:3, 18-23:**

A. Kailangan nating makita ang pangitain hinggil kay Kristo, ang Manghahasik, na inihahasik ang Kanyang sarili bilang binhi ng buhay tungo sa loob ng mga tao; ang pangitaing ito ay ang mismong puso ng pagbabawi ng Panginoon, sapagkat ito ay may kaugnayan sa nais ng puso ng Panginoon.

B. Ninanais Niya na pumasok sa atin, ang Kanyang piniling bayan, upang maging ating buhay sa paraan ng pagsasama upang gawin ang Kanyang sarili na ating elemento at gawin tayong Kanyang kahayagan.

C. Ang mga mananampalataya, na isinilang na muli ng buhay ng Diyos sa loob ni Kristo, ay ang nilinang na lupain ng Diyos, isang bukirin sa bagong nilikha ng Diyos upang palaguin si Kristo nang sa gayon ay maibunga ang mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Diyos—1 Cor. 3:9, 12a.

D. Ayon sa Biblia, katumbas ng paglago ang pagtatayo; nagaganap ito sa pamamagitan ng paglago ng dibinong binhi ng buhay sa loob natin—1 Juan 3:9; Col. 2:19; Efe. 4:15-16.

E. Ipinakikita sa Efeso 3:17 na ang Tres-unong Diyos ay pumasok sa atin upang magsagawa ng gawaing pagtatayo gamit ang Kanyang sarili bilang elemento at ilang bagay mula sa atin bilang materyales; inilalarawan ito sa pamamagitan ng talinghaga ng manghahasik sa Mateo 13:

1. Inihahasik ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang binhi ng buhay tungo sa puso ng mga tao, ang lupa, upang Siya ay lumago at mamuhay sa loob nila at mahayag mula sa loob nila—b. 3.
2. Ang binhi ay inihasik tungo sa lupa upang lumago sa pamamagitan ng mga sustansiya ng lupa; bilang resulta, ang bunga ay isang pagkakabuo ng mga elemento na kapwa mula sa binhi at lupa—b. 23.
3. Mayroon sa loob natin ng ilang sustansiya na nilikha ng Diyos bilang paghahanda para sa Kanyang pagpasok sa atin upang lumago sa loob natin; nilikha ng Diyos ang pantaong espiritu na may mga pantaong sustansiya kasama ang pantaong puso bilang lupa para sa dibinong binhi—1 Ped. 3:4.
4. Ang bilis ng ating paglago sa buhay ay nakadepende hindi sa dibinong binhi kundi sa kung gaano karaming sustansiya ang binibigay natin sa binhing ito; mas maraming sustansiya ang itinutustos natin, mas mabilis lalago ang binhi at mas yayabong ito—Mat. 5:3, 8.

5. Kung tayo ay mananatili sa ating kaluluwa, sa ating natural na tao, hindi magkakaroon ng anumang sustansiya para sa paglago ng dibinong binhi, ngunit kung tayo ay napalakas tungo sa ating panloob na tao at kung tayo ay magbibigay-pansin sa ating espiritu at mag-eensayo ng ating espiritu, ang mga sustansiya ay maitutustos at si Kristo ay makagagawa ng tahanan sa ating mga puso—Efe. 3:16-17; Roma 8:6; 1 Tim. 4:7; cf. Jud. 19.
6. Kung ninanais nating lumago sa loob natin ang Panginoon bilang binhi ng buhay upang maging ating ganap na katamasahan, kailangan nating magbukas sa Panginoon nang lubusan at makipagtulungan sa Kanya upang ganap na tuosin ang ating puso—Mat. 13:3-9, 18-23.
7. Sa isang panig, pinalalakas tayo ng Diyos gamit ang Kanyang sarili bilang elemento, at sa kabilang panig, itinutustos natin ang mga sustansiya; sa pamamagitan ng dalawang bagay na ito, isinasagawa ng Diyos sa loob ni Kristo ang intrinsikong pagtatayo—ang pagtatayo ng Kanyang tahanan—sa ating buong katauhan.

*© 2024 Living Stream Ministry*